

**Nakabubulahaw, Nakabubuhay na
Asimilisaxon with an X sa
*Bb. Phathuphats at Angela Manalang
Gloria: A Literary Biography***

Ivan Emil A. Labayne
ialabayne@up.edu.ph

Walk the talk na, simula pa lang. In this paper, babalikan at pagaganahin ko ang salitang “asimilisaxon” bilang pamamaraan ng pagbasa, at pamamaraan ng paggawa. Sa ganang ito, maisasakatuparan ang dalawang bagay: una, mabasa ang mga piling sandali ng paghahalo at pag-iiba, ng wika sa mga akdang *Bb. Phathuphats*, at *Angela Manalang Gloria: A Literary Biography*—isang maikling kwentong Kapampangan at isang literary biography **in English**,¹ at pangalawa, subukang iperform ang isang hinihiraya kong malikhaing kritisismo na sinasapul din ng salitang “asimilisaxon”: paghahalo-halo ng iba’t ibang register, tono, wika, istilo, at iba pa na magagabayan pa rin sana ng iisang ideya, o mas akma, iisang termino na mag-aanak ng samu’t saring ideya. Kung gayon, nakikipag-usap at nakikipaglaro ito sa ideya ng marami(ng rehiyon) na bumubuo sa iisa(ng bansa) na ilang beses nang pinalutang sa pagdidiskurso ukol sa masasalimuot na ugnayan ng rehiyonal at pambansang panitikan. Katumbalikan nito ang

“pag-iisa ng marami” na isinulong naman ni Raniela Barbaza ukol sa panitikang rehiyunal na malulusaw, mawawala na, dahil nga Panitikang Filipino na ang lahat (p.58).

Lisa na hindi lang binubuo, kundi nag-aanak, ng marami. Ang walang-hanggang diwa ng dayalektikang ‘di tumitigil dahil dumadausdos sa dimensiyong materyal. Sa pagpapagana ng salitang “asimilisaxon” sa pagbasa ng mga akda, tinatayang matatagpuan ang samu’t saring tagpuan—salubungan at salungatan²—pagdating sa pag-unawa ng bayan, ng panitikan ng bayang ito, at ng kasaysayan kapwa ng bayan at panitikan nito. Katapat ng diwa ng maraming rehiyon na bumubuo sa iisang bayan ang pagsasabuhay ko ng maraming istilo, tono, at register upang buuin ang iisang papel na ito. May predilection sa pandiwang “binubuo” kaysa sa pangngalang “kabuuan”—pagbibigay-diin sa walang-maliw na proseso ng construction kaysa sa malinaw na kaganapan ng produkto.

Bakit “asimilisaxon”? Pagkaway ito sa akdang “Talanotasyon”³ sa *Oroboro at iba pang Abiso* ni Tilde Acuña (2020). Kopya ko sa unang talababa mula rito: “Kahit dito sa salinstituxon, ang yunit kung saan ako nagtatrabaho rito sa **Pinasur**, gumagamit kami ng x, hindi para simplistikong bigyang-puwang lamang ang impluwensiyang mula sa labas kundi para tangkilikin ang fluididad ng wikang Filipino. Kung gayon, hindi ito panghuhudas tulad ng pambibintang ng mga sobinistang pangwika ng **Filipinorte** kundi kritikal na pagtanggap ng di-maiiwasang mga pagbabagong lingguiwistiko at kultural” (p.153, akin ang diin).⁴ Ilalahad ko rito ang aberrant na paglalaro sa “asimilisaxon” na maaaring mabasa bilang pagsasama ng prefix na “a-” at ang ‘di naman salitang “similisaxon.” Pagsamsam ko ito sa mga potential ng wika kung saan ang mas madalas maitampok ay ang malinaw na communicative function nito: ang makapagpahayag tungkol sa mundo sa mistulang isa-sa-isa, walang-labis, walang-kulang na pamamaraan. Ngunit hindi ba maaari ring maisakatuparan—at ma-multiply pa nga—ang communicative function ng wika sa pamamagitan ng mga kalabuan, ng mga hindi tahasan, ng misinterpretations, at labis-labis na pagbasa?

Asimilisaxon at ang fluidity ng wikang Filipino, na sang-ayon sa batas, at sa praktika rin—kapag nag-‘Mano daytoy, Ate’ sa palengke sa Baguio ang isang Manileñong turista na gustong makatawad, at sinagot siya ng ‘One hundred lang po, ser’ ng manininda, anong wika ang ginamit nila?—ay binubuo, binubuhay ng iba’t ibang wika sa Pilipinas. Siyempre, may nod rin dito sa masalimuot na kolonyal na kasaysayan ng Pilipinas: ang marahas na benevolent assimilation ng mga Kano, at siyempre muli (in the sense both of “of course” at “always”) ng mga Kastila. Fluid at plural, dumadaloy at samu’t sari. Gumagana pa rin pareho ang “si(y)empre” bilang salitang Kastila at Filipino, sa magkaibang konteksto at lunan, nang may magkaiba ngunit magkahawig na kahulugan. Ano ‘yong usual na simplification: habang pinagkait ng mga Kastilang mananakop ang kanilang wika sa atin, buong-puso namang tinuro ng mga Amerikano ang kanila. Kung totoo ang una, bakit bahagi na ngayon ng wikang Filipino ang “siyempre”? Maaaring halimbawa ito ng pag-aangkin at pag-aangkop na dulot ng tagpuan ng mananakop at sinakop.⁵ Sa pagdaluyong ng kolonyalismo na nais gawing kawangis nito (kristiyano, sibilisado) ang mga Iba (moro, indio, pagano, katutubo), dumaloy rin mismo ng pagkakataon upang magkaroon ng iba. Naiba ang Sto. Niño; naiba ang demonyo; siyempre, pati ang salitang “siyempre.” Asimilisaxon bale: similisaxon, pero not quite.

Bakit may pagtatangkang mag-Taglish, kahit na malinaw so far na less English ito than Filipino? Performance ko ito sa harap ng sabayang potensyal at limitasyon. Ang potensyal: ang multilingualism sa kapuluang Pilipino. Ang limitasyon: my bilingualism which allows me to access non-Tagalog Philippine literature sa pamamagitan lamang ng mga salin. Siyempre, maaaring limitasyon din ang potensyal [multilingual na ‘di magkaunawaan]; at potensyal din ang limitasyon [pamimingwit ng mga salita mula sa mga wikang hindi gamay; gamay lang ang gamay]. Hindi lang doubleness, kundi multiplicity,* ang lumiligid sa mga bagay. Sa pagsasalin halimbawa, ang pagpapahalaga sa “tumbasan” at ang extreme counterpart kung saan kikilalaning walang tuwirang katumbas ang isang salita sa isang wika (“kilig” sa Ingles, halimbawa), o may **higit** na mainam na katumbas (“gahum” > “kapangyarihan” bilang salin ng “hegemony”). Sa pagsasalin, nilalansi tayo ng pangako ng isahang tumbasan; at hindi dahilan para magnguyngoy dahil maaari itong maging tanghalan ng pagiging generative ng wika. Asimilisaxon:

aspirational ang pagiging katulad, o similar, habang hindi kukunutan ng noo ang mga paglampas at pagtaliwas rito.

Sa “In **Multiplicity Is Truth: An Interview with Gina Apostol,” sinabi ni Gina na “I grew up speaking three languages, but my primal one, Waray, was oddly repressed in the classroom. I’d be fined if I did not speak English. ... I remember it was so weird to be fined for speaking my own language. So this sense of splitness, rooted in language, was part of my growing up. But this **doubleness**... is existential...” (akin ang mga diin). Magri-reappear ito sa ibaba, sa ibang konteksto, sa ibang lunan: itong pagpipigil sa pananalita sa sariling wika, sa kaso ni Nony na pinagagalitan ni Angela kung madudulas at mapapagamit ng Bikol sa kaniyang pananalita (Zapanta Manlapaz 115). Conversely, by way of a misreading, or a typo error, kung maduling o magkamali: I’d be **fine** if I did not speak English—mahihirayang ipangangalandakan ng mga mang-uuyam kay Binibining Phathupats, binubulong ni Nony.*

Habang mamahalagahin ko ang paggana ng ‘ibang’ wika sa loob ng dalawang akdang aking babasahin—iba in the context of the main language used in the work: tsampuradong Ingles at baku-bakong Kastila sa “Miss Phathupats” na nasa Kapampangan; Tagalog sa literary biography na *Angela Manalang Gloria* na nasa Ingles—mahalagang pansinin ko rin ang magkaibang linguistic circumstances ng aking engkwentro sa mga akda. Orihinal na nasa Kapampangan ang “Miss Phathupats” na binabasa ko ang salin sa Tagalog. Mas direkta naman ang pagbasa ko sa literary biography na nasa Ingles. Natatangi ang kaso ng akda ni Zapanta Manlapaz (1993) dahil sa mga babasahin sa kursong Pan Pil 340 kung saan ko ito unang na-engkwentro, ito lang ang hindi isinalin mula sa ibang wika sa Pilipinas. Interesante ring tatlo sa natirang apat na akda—ang Kudaman na nasa Palawan, ang mga maikling kuwentong nasa Kapampangan, at ang Sarswelang nasa Pangasinan—ay may paunang salita ni Bienvenido Lumbera na bahagi ng serye ng paglalathala na pinanguhanan ng Ateneo, DLSU, at UP noong dekada ‘90.⁶ Nilayon ng serye ng paglalathala na bigyang-puwang “ang mga panitikan na nasusulat sa ibang pangunahing katutubong wika ng bansa” (“Mula sa Pabliser,” n.p.). Sa kaniyang Paunang Salita, nag-raise ng tanong si Lumbera upang sagutin niya rin: “At ano naman ang magiging

anyo ng wikang pagsasalinan ng mga akdang rehiyonal? Ang wikang Filipino ng seryeng ito ay wala pang pirmeng anyo. Ngayong binuksan ang Wikang Pambansa sa lahat ng mga wika sa ating bayan, maaasahan lamang na magdaraan pa ito sa isang panahon ng pagbabagu-bago ng anyo at sa isang proseso ng pagsasabansa" (n.p.). Heto muli "Ang Isang Marami"—o dagdag ko, "Isang nagpaparami"—na pinanukala ni Barbaza kaugnay ng kaisipan ni Lumbera tungkol sa panitikang rehiyonal bilang panitikang Pilipino (Barbaza 61).

Sa *Angela Manalang Gloria: A Literary Biography* at "Binibining Phathupats," hahanapin at ipapakita ko ang samu't saring paggana ng asimilisaxon sa pamamagitan ng selektibong pagpansin sa mga bahagi ng texto kung saan lumitaw ang ibang wika: Kastila sa maikling kuwento, at Tagalog sa literary biography. Magsisimula ako sa literary biography ni Manlapaz, kung saan "kumopya" siya kay Barthes—isang pangongopyang nangangailangan ng pag-usisa sa usapin ng genre at gender.

Pag-angkop sa Genre ng Literary Biography: mula sarili-sa-sarili tungong babae-sa-babae

Asimilisaxon ni Manlapaz sa isang "enigmatic pronouncement of Roland Barthes in his autobiographical work... : 'I do not say: 'I am going to describe myself,' but: 'I am writing a text, and I call it Roland Barthes.' Like Barthes, I have written a text, and I call it Angela Manalang Gloria" (xii, akin ang diin). Like Barthes, pero obviously unlike Barthes din—isang proseso ng asimilisaxon ng genre. Una, hindi autobiographical, kundi literary biography ang *Angela Manalang Gloria*. Pangalawa, hindi ito isang puting lalaki na sumusulat tungkol sa kaniyang sarili; isa itong Filipinang sumusulat tungkol sa isang kapwa Filipinang manunulat. Exceptional na mismo—lalo sa panahon ni Angela—ang Filipina writing; higit pang special ang Filipinang sumusulat tungkol, at nakikipag-usap, sa kapwa Filipinang manunulat.

Mahalagang pag-usapan hindi lang ang genre kundi pati ang paggamit rito ng isang babae upang ikwento at idiskurso ang buhay ng babaeng manunulat. Tulad ng nakasaad sa back cover ng libro, "male-dominated ang arena ng Philippine letters" (Manlapaz, 1993)—siyang arena

kung saan lumangoy si Manalang Gloria, at siyang paglangoy na sinubukang itala at unawain ni Manlapaz. Kung gayon, inaakses ko si Manalang Gloria hindi na lang primarily through her poetry, but through the contextualization and focalization provided by Manlapaz. Materyal pa rin ang mga tula ni Angela siyempre—after all, profusely quoted ang mga ito ni Manlapaz—ngunit para sa hinahanap kong paglitaw ng mga ibang wika, ang mga panayam ni Zapanta kay Angela kesa ang mga tula ng huli, ang aking binalingan.

Bago ko talakayin ang paglitaw ng mga salitang hindi Ingles sa akdang ito, isang mahalagang (kabaligtarang) punto tungkol sa mga tula ni Angela. Fully in English ang mga ito; walang nakalusot na mga salitang “kalokohan” o “que barbaridad.” Kuwento ni Manlapaz nang finally pumayag na si Angela na makapanayam siya, “I tried to imagine the twenty-eight year old Filipino woman who, projecting herself into the persona of the damned Soledad, had written so superbly controlled a piece of erotica in a language introduced into the Philippines only one generation before by American colonizers” (Manlapaz, p.xi). Sa wikang Ingles, sa wika ng bagong mananakop, nakahanap ng articulation ang proseso ng awakening ni Angela. Wikang Ingles ang ginamit ni “Angela the poet” upang idramatize ang proseso ng pagdiskubre niya sa isang “strange new self” (Manlapaz, p.35). Kung tungkol sa pagtula ni Jose Garcia Villa sa Ingles—partikular ang kaniyang “violations of English grammar”—nasabi ni Jonathan Chua na it was his way of “imposing mastery on English, the borrowed language” (Chua, p.26), masasabi ko ring sa pagtula ni Angela sa Ingles ay nagawa niyang ipahayag ang kanyang ‘innermost thoughts and desires.’ Pwede ngang hindi pa ako umabot doon, at sabihin lang na sa pagtula ni Angela sa Ingles, nagawa niyang magpahayag, period. Kaya wala ritong pinakamataas na pagkundenang sa paggamit ng Ingles ay tinatalikuran ni Angela ang kaniyang bansa, o kumakampi ito sa mga mananakop.

So, good, klaro, malinaw na pinapahalagahan nang husto ni Angela ang wikang Ingles. Mula sa kabanatang “The Muse and Mammon”: “One of the ways Angela thought of giving her children a headstart in school was to introduce them to the English language as at an early age. She made it a practice to speak to all three children in English” (Manlapaz, pp.114-115).

Lalo lang naging espesyal at makabuluhan ang mga salitang 'di-Ingles na nakalusot mula sa dila ni Angela. Dito na susunod na dadako ang papel.

"Too Shy" Angela, Nagsasabi ng "Kalokohan"

Sa mga panayam ni Manlapaz kay Angela, lumilitaw ang isang personaheng iba sa, ngunit nananatili pa ring "recluse," "too shy to meet the camera's eye" (Manlapaz 31). After all, nasa considerable state of reclusion na si Angela nang pumayag itong makapanayam ni Manlapaz. Malamang hindi rin incidental ang camera metaphor ni Manlapaz: "What you will view in these pages is a film. The subject is a woman named Angela Manalang Gloria. The eye of the camera is I" (p.xxi). Too shy nga siguro, too hesitant para imeet si Manlapaz, pero eventually, papayag rin namang makipagkita rito.

Lumulusot, lumilitaw ang mga hindi Ingles sa dila ni Angela tuwing may masidhing damdaming pinapahayag. Tungkol sa aspiring poet na si Balthazar Villanueva na hinandugan siya ng love letter noong nasa kolehiyo sila, wika ni Angela kahit matapos ang ilang dekada, "*Ay, nalintikan na Balthazar Villanueva na yan*—how I hated him.... I looked at him as if I was looking at a leper" (Manlapaz, p.25). Nang malaman niyang may isang bagong labas na antolohiyang "purporting to be a comprehensive survey of poetry written in the first half of the century included more poems by Villa than her own, she sneered, '*Kalokohan!*'" (Manlapaz, p.64). Panghuli, tungkol sa tula niyang "*Querida*" na maaari raw naka-offend sa "moral values" ng mga hurado kaya hindi man lang nagkaroon ng karangalang banggit ang *Poems* ni Angela: "That poem... had only four lines, and there was nothing in it at all. It just said that inside there was a light; outside, there was a limousine—*o, ano, wala, nothing*" (Manlapaz, pp.91-92).

I grouped these three instances together dahil umiikot silang lahat sa posisyon, at pagtugon, ni Angela sa "male-dominated arena of Philippine letters." Mahalaga ring pansinin na sa dalawang naunang sipi, gumamit si Manlapaz ng adverbial clause na "decades later." Pinapaalala nito kung paanong nagsasalita—at pinagsalita ni Manlapaz—si Angela tungkol sa "literary" events ilang dekada matapos sila mangyari. Hindi na sa

pamamagitan ng “poetry” ang partisipasyon niya sa Philippine letters kundi bilang interviewee sa literary biography ni Manlapaz.

Sa pagsusulat ng literary biography na ito, ibang uri, at no less valuable mode, ng participation ang binuksan ni Manlapaz para kay Angela. Ukol sa “kalokohan” involving Angela’s “rivalry” with Villa, dapat ipuntong hindi tulad ng huli, walang extensibo at mas lantad na ‘critical’ work si Angela. Pinakamalapit na ang short-lived “editorial work” niya sa *The Philippines Herald Magazine* kung saan siya ang sumasala sa mga pampanitikang akda (Manlapaz, p.46). Taliwas dito, not only did Villa had an “annual roll of honor,”⁷ ginamit niya ang taunang platform na ito upang pulahan ang pagtula ni Angela: “Her verses have the finish lacking in her other contemporaries (she is indeed the most polished writer) but she has no energy, her works are significantly inconsequential” (Manlapaz, p.63). Muli, mahalaga kapwa ang anotasyon ni Manlapaz at ang binigay nitong pagkakataon kay Angela upang magsalita tungkol kay Villa: “Angela herself had strong negative views about magsalita tungkol kay Villa: “Angela herself had strong negative views about Villa’s kind of poetry **but she never made them public**. Decades later, in poetry’ is not poetry that you can understand—the commas, the blanks, the coconuts” (Manlapaz, pp.63-64, akin ang diin). Larawan ng restraint ang pinahihiwatigan sa nakabold na bahagi; pagpipigil ito sa mga naiisip na permanently transcribed na ngayon sa tulong ng akda ni Manlapaz.

Akda ng isang babaeng nagbibigay ng pagkakataon upang higit na maisakonteksto ang pag-aakda ng kapwa babaeng manunulat at ininugan nitong buhay—iyan ang literary biography ni Manlapaz. Ilang pangungusap matapos ang huling sipi na tungkol sa “Querida,” malinaw ang pinapanigan ni Manlapaz nang talakayin ang “Revolt from Hyphen”: “Why would a panel of judges... have found it objectionable on moral grounds? Here it is tempting to speculate if the board’s verdict of the poem were not influenced by the fact that it was composed entirely of males” (Manlapaz, p.92).

Sa tulong ng akda ni Manlapaz, sabayan kong nabasa si Angela na tumutula sa Ingles, at si Angela na kinapanayam ni Manlapaz, nabigyan ng pagkakataong bigyang-katawan at boses ang kaniyang naging literary life. Makatutulong ang pagbasa sa ikalawa upang susugan at paunlarin pa ang

pagbasa sa una na hindi simpleng pagtalima sa dayuhan ang ibig sabihin ng paggamit ng Ingles. Hindi ito simpleng asimilisayon ng dayuhang wika. Sa mga pinalutang na diskurso ni Manlapaz, naipakita ang sari-saring konteksto ng paglikha ni Angela. Pangunahin kong binigyang-pansin ang male-dominated na mga panitikang espasyo noong panahong iyon, at kung paano nakalikha si Angela ng espasyo para sa sarili gamit ang kaniyang mga tula. Pinayayaman ni Manlapaz ang maaaring pag-unawa natin sa mga akda ni Angela sa pag-situate nito hindi na lang sa mga huling dekada ng Amerikanong pananakop at magsisimulang Ikatlong Republika, kundi sa mas immediate na konteksto ng nabubuonang Panitikang Filipino, o mas akma, Philippine Literature in English.

Mga babaeng manunulat na nag-uusap, silang mga umaangkop sa, isinasailalim sa asimilisaxon ang, isang dayuhang wika, isang paglalarawan ng dayuhan sa kaniyang autobiography. Tumula at naglimbag si Angela sa Ingles kahit na hindi ito aprubahan ng self-appointed “schoolmaster of Filipino writers in English” (Manlapaz 63) na ang mismong taunang pa-honor roll, at arguably pati estetika sa pagtula, ay sumusunod sa modelong Amerikano. Kumuha si Manlapaz ng pahina mula sa talak ni Barthes upang sumulat tungkol sa pagtula, paglilimbag, at pamumuhay ni Angela. Hindi na ito mimesis as in pangongopya, kundi mimesis bilang mimicry, panggagagad. Kaparehong impulse ang mababanaag sa “Binibining Phathupats” kung saan hindi iisa kundi iba-iba ang direksyong pinanggagalingan ng panggagagad, baku-bakong asimilisaxon.

Gaya-gaya maya-maya, mas masahol pa sa hayop at malansang isda

Sa pagbabasa ng “Si Binibining Phathupats” ni Juan Crisostomo Soto (1996), maaaring maipakita ang mga nakatutulirong pagtuturo, at ang pagtimbuwang ng mga nakasanayang tumbasan. Kita ito sa simula pa lang, kung saan nasa lunan pa lang tayo ng heyograpiya at lugar, hindi pa ng wika: “ipinanganak ang kanyang magulang sa isang sulok ng Pampanga, sa pinakamaliit na bayan nito. Dahil dito, Pilipina si Binibining Yeyeng mula ulo hanggang paa, at kahit sa dulo ng kanyang buhok ay Kapampangan siya” (Soto, p.31). Simple: pagiging Pilipino ang pagiging Kapampangan.

Ngunit uubra din kaya ang kabaligtaran: pagiging Kapampangan ang pagiging Pilipino? Parang... hindi.

Butas-butas na mga tumbasan, nagpapasilip ng mga posibleng karahasan. "Sa kanilang pag-uusap, nag-ingles ang sundalo at nagkakapampangan si Binibining Yeyeng, kaya napilitan **siyang** mag-aral" upang magkaunawaan sila (Soto, p.31). Si Yeyeng ang nag-aral mag-Ingles, hindi ang Amerikanong sundalong mag-Kapampangan. Dahas sa dila at diwa, wala pa ang posibilidad ng sekswal na dahas sa katawan na binuksang ideya sa klase. Nagpa-assimilate si Yeyeng (?) kaya nang magsimula na siyang magturo at nakitaan ng husay sa pag-iingles, "hanga ang mga taong-bayan sa kanya" (Soto 33).

Utay-utay na matutuyo ang pangarap na liquid productivity ng organic unity. Ang dating hinahangaang Yeyeng dahil sa husay mag-Ingles ay magiging inuuyam na Phathupats na baluktot ang dilang mag-Kapampangan at mag-Kastila. Mapapatanong tayo kung saan napunta ang husay niya sa Ingles? In its place, ang mali* at pagtatawanang "Mi no entiende ese Pampango" (Soto, p.33).

**Sa totoo lang, hindi ko napansin agad na mali pala ito. Sorry po, Spanish teacher noong MA, nakalimutan ko ang "Yo" bilang unang panauhan. Pinag-isipan ko tuloy nang maigi kung tama ba ang "Porque reir?" na tanong ni Binibining Phathupats sa mga kausap. Mukhang mali rin ang conjugation na ito. Dapat yata ay... "Porque reis"?*

Interesanteng Kastila, hindi Ingles, ang "minali" nang tuwiran sa kuwentong ito ni Soto. Binanggit lang ang "mababang Ingles" at "Ingles na tsampurado" (Soto, p.35, p.37) nang walang partikular na linyang binigay kay Binibining Phathupats. Ang mali-maling Kastila tuloy ang lantaranang naging obhetong pagtawag ng iba pang tauhan; pagtawang kapartner ng aral ukol sa paggamit ng wikang Kapampangan. Kinalilimutan ang sariling wika, trying hard mag-Ingles at mag-Kastila itong "Amerikanang Negra" (magpipista ang mga interseksyunalista at internasyunalista sa rasistang undertones nito), mali-mali naman. Nagpapa-assimilate sa dayuhan, ang

LABAYNE

Nakabubulahaw, Nakabubuhay na Asimilisaxon with an X sa *Bb. Phathuphats* at *Angela Manalang Gloria: A Literary Biography*

ending pa rin naman ay “Maitim pala siya” (p.35). Asimilisaxong mali, asimilisaxong kulang.

Paano kung hindi na lang tumbasan, kundi sumbatan? Sumbatan ang mga Amerikanong nagturo ng Ingles, humimok na pag-aaralan ng mga Pilipino/Kapampangan para lamang masumbatan at mapagtawanan ng mga kababayan nila. At maaari ko ring sumbatan ang mga kababayang ito dahil hindi naman punch up ang isinasakatuparan nila sa pagtawa kay Yeyeng. Ginagagad nila si Yeyeng na gumagaya sa wikang banyaga na sa proseso ng paggaya ay hindi maiwasang ungguyin ang mga wikang ito. Nagiging chango tuloy ang Kastila at Ingles, at ang chango, nagiging mono, na magiging Isa, na sasabog bilang marami. Ito ang lumang ideya ng mimicry at hybridity ng post-colonialists tulad ni Bhabha, katunog ng ponetiko-semantikong palaisipan sa mga dayuhang nasa joke na elevator:

Pinoy 1: Bababa ba?

Pinoy 2: Bababa.

Hindi Pinoy: ???

Sa dulo, pangarap, prinsipyong gagabay sa praktika: matapos ang pagbo-volt in ng maraming panitikang rehiyonal upang buuin ang panitikang pambansa, ang patuloy na pagpaparami at pagpapayabong naman ng panitikang pambansang ito. Panitikang pambansang ito na bubuuin ng samu’t saring wika at sensibilidad, tauhan at disposisyon, lunan at larangan, porma at premise, at pangako at pag-aangkop.

TALAHULI

¹ Pansinin ang bako: ginagamit ang “Ingles” patungkol sa wika lamang, hindi tulad ng mas malawak na diwa ng “Kapampangan” bilang ethnolinguistic group.

² Kaway sa talakayan sa klaseng Pan Pil 340 kung saan, kanino ko nakuha ang pariralang ito.

³ Bakit hindi “Talanotaxon”? Ang basa ko: pagkilala ito sa pagkahiwalay ng akda (na nailathala nitong 2020 bilang bahagi ng *Oroboro*) at ng inaakdang daigdig kung saan nga isinasalaysay ang naging proseso ng transmisyon ng mga datos sa yunit ng Pinasur.

⁴ Sa akda ni Tilde na hinihiraya ang hinaharap, nahahati na ang iisang Pilipinas natin ngayon sa dalawa: ang Filipinorte na nagbabandila ng kadakilaan ni Apo Marcos, at ang mahihinuhang bumabalikwas na Pinasur.

⁵ Mula sa “Califas” ni Guillermo Gomez-Peña: “I am interested in the territory of cultural misunderstanding that exists between us and our audiences, and also between Latinos and Anglo-Americans, as well as between a... Catholic sensibility and the Protestant ethic. ... Social issues in both the liberal and leftist communities are approached with sobriety and an incredible fiction of sincerity, and I think that in Latin America, perhaps because we’ve been victims and underdogs, there have developed incredibly complex mechanisms of parody and ridicule and exaggeration to approach the same issues” (46-7).

⁶ Kailangang i-fact-check dahil sa kaso ng Palawan at Kapampangan lang ako tiyak; vague memory lang ang basehan sa assumption na may preface din si Lumbea sa akdang nasa Pangasinan.

⁷ Mula sa *The Critical Villa* ni Jonathan Chua: “his model for this activity was obviously the American critic Edward J. O’Brien” (Chua 2). Si Villa bilang tagapamandila ng “American” standards, at tagahusga on the extent by which Filipino writers adhere to American poetic standards?

SANGGUNIAN

- Acuña, T. (2020). *Oroboro at iba pang abiso*. Palimbagan ng Unibersidad ng Pilipinas.
- Barbaza, R. E. (2022). Walang panitikang rehiyonal: Pinag-isang maraming bayan sa tatlong kritikal na akda ni Bienvenido Lumbrea. *Akda: The Asian Journal of Literature, Culture, and Performance*, 2(2). <https://doi.org/10.59588/2782-8875.1040>.
- Chua, J. (2002). *The critical Villa: essays in literary criticism by Jose Garcia Villa*. Palimbagan ng Pamantasan ng Ateneo de Manila.
- Fantauzzo, L. F. (2018, December 31). In multiplicity is truth: An interview with Gina Apostol. *Los Angeles Review of Books*. <https://lareviewofbooks.org/article/in-multiplicity-is-truth-an-interview-with-gina-apostol/>
- Gomez-Peña, G. (1993). Califas. In B. Massumi (Pat.), *The politics of everyday fear* (pp. 41–50). Palimbagan ng Unibersidad ng Minnesota.

LABAYNE

Nakabubulahaw, Nakabubuhay na Asimilisaxon with an X sa *Bb. Phathuphats* at *Angela Manalang Gloria: A Literary Biography*

Manlapaz, E. Z. (1993). *Angela Manalang Gloria: A literary biography*. Palimbagan ng Pamantasan ng Ateneo de Manila.

Soto, J. C. (1996). Binibining Phathupats. Sa L. Vidal & M. C. S. Nelmida (Mga Pat.), *Maikling kuwentong Kapampangan at Pangasinan* (pp. 31–37). Palimbagan ng Pamantasan ng Ateneo de Manila.

Nagtuturo si **Ivan Emil A. Labayne** sa Department of Humanities, UP Los Baños. Mayakda siya ng *Beckoning Baguio: A Decade of Walking in a City of Pines* (UST Publishing 2024) at *Ilang Mga Bisita Mula Baguio Hanggang Kyusi* (SWF-UP Diliman 2025). Nakuha niya sa UP Baguio ang kaniyang BA at MA sa Language and Literature, at para sa PhD sa *Philippine Studies*, kasalukuyang tinatapos ang kaniyang disertasyon tungkol sa mga paglalaglag at paglalakad sa mga nobela nila Glenn Diaz, Rogelio Braga, at Norman Wilwayco.